**Kid Orit**\PARA KAY P

# Pagitan

Sinusukat ng ating mga kamay ang panahong
iginugugol ng mga ito, sa pagkakakapit ng ating
mga pinagpapawisang palad. Gayundin
ang ating mga nakadipang braso, na dahan-dahang
pumupulupot sa mga katawan nating binibilang
ang bawat tibok ng ating mga dibdib.
Sinusubok naman ng ating mga labì ang mga bagà nating
nagpapalitan ng hininga sa bawat halik. Tumitigil lamang
ang lahat ng mga ito, tuwing nagsasanggian ang ating paningin
na sinusundan ng mga pagngiti, o, ng mas malalim na pagsipat
sa ating mga mata. Kung may kakawalang salita, tuluyan nang
makalilimutan ng mga katawan natin ang mga binibilang nito.

Sa pagitan ng mga tagpong ganito, lagi't laging
mayroong ibinubunyag ang katahimikan, na halos
hindi kayang tumbasan ng mga salita—mga pakiramdam
na humihiling ng tula, upang mabigyan ito ng kahulugan.
Madalas, naiintindihan na lamang natin ang mga ito,
sa ating pagkalas at sa pagsalungat ng ating mga titig.

# Plate Tectonics

Hindi na natin nararamdaman ang mga mumunting
lindol na araw-araw kumikiliti sa ating mga talampakan.
Mas madalas táyong nakatuon, sa kung paano iginuguhit
ng mga daliri ng ulan sa mga balat natin ang pagnanasa
nitong makaramdam ng init, o, nitong marahang-marahang
pagyayakag ng hangin sa mga nangatikwas na buhok,
upang sabayan ang huni nito sa pagsayaw.

Hindi tulad ng mga bagyong iniluluwal ng hangin at tubig—
iniilawan ng lunggating lintik ang pagbubuntis ng mga ulap
na sinusundan ng malulutóng na ungol ng kulog, hanggang
sa ibagsak ng nababasag na langit ang nangingilid na luha—
walang babala ang paggalaw ng lupang may ikinukubling
lamat. Katulad na lamang ng episentrong umusbong sa ating
pagitan at iniwang hungkag ang mga dibdib, at doon sa gitna
ng katahimikan at pagkagulat ng mga bagay na tumitibok,
kumikislot ang takot sa mga susunod na pagyanig.

At sa paghinahon, mayroong mga paang inuugat na
sa pag-iingat nito sa paghakbang, sa pagsulong,
sa pagpupumilit na paglayo. Dahan-dahang
pinapakiramdaman ng mga talampakan
ang mga mumunting kiliti ng iba pang
nakatanim na lindol ng mga puso.

# Pag-uwi

Sa tuwing may nawawala
sa aking paglalakbay, bukod
sa panahon at yamang inilalaan ko

sa pagtawid sa pagitan ng pag-alis
at pagdating, ipinapalagay ko na lang
na ang mga bagay na lumulundag

palabas ng aking bulsa, o pumipiglas
sa aking kapit, ay mga mahahalaga
at nararapat na alay sa daan, upang

ako ay ligtas na makarating
sa kung saan man ako papunta.

Kayâ hindi ko na sinubukang bilangin pa:
kung ilang barya na ang kumalansing
sa sahig ng bus ang hindi gumising

sa aking kalasingan, ilang papel na pera na
ang lumipad palabas ng sinasakyan
at nakipagtanan sa hangin, samot-saring

abubot na          ang nagpaiwan          sa kung saan man
nananahan ang pagkalimot, at ang lumang
sarili na buhat-buhat pa rin          ang bigat

ng ilang mga alaalang          laksa-laksang
araw na ang katumbas— sa higpit
ng pagkakasukbit sa balikat          ay hindi na

nakalabas ng terminal, pier, at paliparan.

Ngayon, sa muli kong pagtatangkang umuwi,
kinakapa ko ang aking mga bulsa, pati na rin
ang dala kong bag, nang makahanap ako

ng iaalay sa daan; nang sa aking pagdating
ay manatiling buo ang sarili,          kahit papaano.

May bigat pa ang aking kalong-kalong na bag,
kahit ibinalik ko na sa iyo ang mga bagay na nais mong

makabalik.

May init pa ng iyong

mga palad ang ilang hibla
ng aking damit at buhok.

May samyo pa ng iyong
pabango ang bawat
buntonghininga ko.

Kahit alin sa mga ito ay hindi tinatanggap sa daan.
Ganito ako sinisingil:

sa kalaunan, naaaninaw ko
ang unti-unting pagtungkab
ng aking repleksiyon

sa bintana ng aking sinasakyan—
kumikinang ang mga bitak
sa kumukuti- kutitap
na konstelasyon ng lungsod.

Habang kinukumutan ng dilim ang aking katawan sa pagtulog nito,
pinipilit kong salukin ang mga butil ng aking sarili sa mga daliri ng gabi.

# Papatak-patak man

*"Scientists discover that water has memory"*
*—isang headline sa internet*

Hindi na lang isang talinghaga
na lunan ng alaala ang tubig,
tulad ng dumadaloy na ilog
na umaaliw-iw sa mga siwang ng isip,
tulad na lang ng pabiro kong
sinasabi kay Mama na "ilista
na lang sa tubig" ang mga utang ko,
tulad nang sa luha at pawis
na nag-iiwan ng bahid sa punda
at kumot pagkatapos natin—

Bawat patak ay may natatanging
imahen na ibinubunyag sa ilalim
ng mga lente ng microscope.
Manggaling man sa iisang baso
ang mga muwestrang sasailalim
sa eksperimento, nag-iiba-iba
ang mga padron na nailalantad.
Bumabatay ito sa kung sino man
ang kumuha at naglagay ng tubig
sa glass slides.

Kayâ siguro ganoon na lang ibinabalik
ng ulan ang alaala mo: nang minsang
naiwanan ko ang payong ko sa bahay,
kinailangan kong sumugod sa malakas
na hampas ng hangin at tubig, hindi ko
inasahang mahuhugasan nito
ang imahen mo. Tangìng naiwan lang
ay ang galak ko noong pagkabata,
habang nagtatampisaw sa lusak.
Kasama kang umagos sa pinag-anlawan
papunta sa mga baradong estero ng lungsod.

Tulad ng sabi mo,

lahat ng may kakayahang
dumaloy ay may patutunguhan.
Makahahanap ka ng paraan
upang makatakas ang kahit
isang patak mo sa karagatan.
Doon mo hihintayin ang araw
na aangat ka sa himpapawid
bilang ulap at sakâ bubulusok
bilang ulan.

Paulit-ulit mong pagdaraanan itong siklo
hanggang sa wakas, babagsak ka sa akin
bilang ambon na dala ang buong bigat
ng ating unang pagtatagpo. Mapatitingala

ako, habang namumukadkad
ang pagsisisi sa aking palad.

# Pagliligpit, Pagpupumilit

Nang minsang dinapuan ako ng sipag,
napansin ko kung gaano na kalawak
ang nasasakupan ng mga agiw sa aking
kuwarto: duyan silang nakalundo
sa bawat sulok at doon nakahimlay
ang mga hungkag na bangkay
ng mga nabitag na insekto;
lambat silang sumasapo sa hubog
ng bombilya at sa kapal ng namuong
alikabok, halos hindi na makaalpas
ang liwanag sa mga kapit nito;
ugat silang gumagapang sa kahit anong
mahipo—tulad ng mga templo
ng sinaunang sibilisasyon.

Hindi ako sigurado kung paano ko
nagagawang makatulog habang
napalilibutan ako ng mga bakas
ng mga araw na mas pinili ko
ang umalis para mamasyal—
umakyat sa mga bundok
na ilang beses ko na ring naakyat,
magbilad sa buhangin na saulado na
ng aking mga talampakan
ang gaspang at init tuwing tag-araw,
lakáran ang mga kalyeng gumuhit na
ng sarili nitong mapa sa aking utak—
at sa pag-uwi, katabi kong matulog
ang tambak-tambak na samot-saring
mga bagay na wala na,
o hindi ko na alam,
kung ano pa ang halaga.

Iwinasiwas ko ang walis
nang mahawi ang mga agiw
sa kisame at mga pader,
pinagpag ang mga alikabok
mula sa mga binilíng libro
na kahit minsan ay hindi ko pa
nabubuklat, pinunasan ang ilang
pigurin na naiuwi ko mula
sa mga paglalakbay, pati na rin
ang mga istante, at saka tinipon
ang dumi sa sahig.

Isang balumbon ng itim
at mabalahibong nilalang
ang naiwang nakatitig
sa akin, habang ako
ay naglilinis—
marahang humihinga
kasabay ng hanging
inililikha ng aking paggalaw
at mahinang humuhuni
ng mababang garalgal.

Basurerong kokolektahin
ng paglimot ang isang malaking
súpot ng mga alaalang
matagal na dapat itinapon,
o ibinalik, at lalakíng
tila pusakal ang itim
na nilalang sa sahig.

Habang ikinakahon ko
ang ilang mga bagay
na maaari ko pang
pakinabangan
sa hinaharap, o sadyang
hindi ko lang mabitawan,
tumigil ako sandali

para titigan ang natamo kong
puwang para sa sarili.

Bahagyang bumalik ang galak ko
noong unang beses kong makita
ang kuwarto— hungkag man
at wala pang bahid
ay punô ng potensiyal.

Ngunit palaging mapilit
ang alikabok, lalo na ngayon
at may bitak na ang mga pader
at may mga siwang na sa kisame.
Palaging may maghahabi ng agiw.
At kahit na may mga bagay
na nagiging kalat lang
kapag nagtagal, alam kong
hindi ko isasara ang pinto
sa kung anong maiuuwi.

# Tawid

*(sunod sa Bridge of Love ni Napoleon Abueva)*

Kinakailangan ang mga pagliyad
at pagtuwad natin, upang mailapit
ang mga katawan nating hubo't hubad.

Kahit nakatungtong palagi sa bingit
ng ating pagitan, di na hinihintay
nitong mga labìng mahigpit ang kapit,

ang pagpupumilit nitong mga kamay
na masalat itong katamtamang sukat,
upang di gumuhò ang ginawang tulay.

Di man magkaharap ay ibinubuhat
natin itong bigat sa ating gulugod.
Nagtitimbang tayo nang may pag-iingat

upang di mabaklas ang pagkakabuklod
ng mga katawang labis ang pagpintig
sa pagkislot nitong dumaloy na lugod.

Sa kaunting kibô, ating naririnig
ang mga lagutok ng balát na balót
sa titig ng araw at gabíng nanlamig.

At kung ipipilit nating ipaabot
nang mata sa mata ang ating lunggati,
anumang itawid, siyang mauudlot—

kahit pa ang munting kiliti ng ngiti.